MGA DAPAT AT HINDI DAPAT GAWIN KAUGNAY NG MGA TAKIP SA MUKHA SA PANAHON NG COVID-19

Public Health
Seattle & King County

Dapat ligtas na magsuot ng takip sa mukha.

Higpitan ang tali o garter nang sa gayon ay masikip ito sa iyong mukha, nang walang anumang puwang.

Dapat natatakpan ng mask ang ilalim ng balingusan ng iyong ilong hanggang sa ilalim ng iyong baba.

- Palaging maghugas ng mga kamay bago at pagkatapos magsuot ng mask.
- Gamitin ang tali o garter upang isuot at tanggalin ang iyong mask.
- Huwag hawakan ang harapan ng mask.
- Labhan at patuyuin ang iyong telang takip sa mukha araw-araw.

HINDI DAPAT magsuot ng takip sa mukha sa ganitong paraan:

HUWAG: Isuot ang mask sa ibaba ng iyong ilong.

HUWAG: Isuot ang iyong mask nang maluwag at may mga puwang sa gilid.

HUWAG: Ibaba ang iyong mask sa iyong baba para mapadikit sa iyong leeg.

HUWAG: Iwanang nakalabas ang iyong baba.

HUWAG: Isuot ang iyong mask sa paraang dulo lamang ng iyong ilong ang natatakpan.

HUWAG: Magsuot ng mask na may pasingawan. Hindi ito magbibigay ng proteksyon laban sa mga mikrobyo.